## KAUTUSANG PANLUNGSOD BLG. 02-077

**KAUTUSAN NA INAAMYENDAHAN ANG KAUTUSANG PANLUNGSOD BLG. 01-027 " NA NAG-AATAS SA LAHAT NG MGA PRIBADONG TERMINAL NA KUMUHA NG KAUKULANG AKREDITASYON SA SANGGUNIANG PANLUNGSOD NG MUNTINLUPA AT ANG PAGPAPAREHISTRO SA BUSINESS PERMIT AND LICENSE OFFICE (BPLO), AT ANG PAGPAPATAW NG KAUKULANG PARUSA PARA SA LALABAG DITO" , PARTIKULAR ANG TALATA NG SEKSIYON IV, 1 NG NASABING KAUTUSAN.**

************************************************************************

Ipinanukala nina: ***Kgg. Lucio B. Constantino***
***Kgg. Allan Rey A. Camilon***
***Kgg. Mario E. Bulay, Jr.***
***Kgg. Mggl. Patricio L. Boncayao, Jr.***
***Kgg. Melchor R. Teves***
***Kgg. Aldrin L. San Pedro***
***Kgg. Dr. Nicanor L. Echavez***
***Kgg. Mggl. Raul R. Corro***
***Kgg. Mggl. Icasiano M. Dela Rea***
***Kgg. Elmer S. Espeleta***
***Kgg. Francis Ian T. Bagatsing***
***Kgg. Mamerto T. Sevilla, Jr.***
***Kgg. Rufino B. Joaquin***
***Kgg. Artemio A. Simundac***

************************************************************************

**SAPAGKAT,** hindi sapat ang kasalukuyang City at Metropolis Terminal sa Alabang upang ang lahat ng mga pampublikong sasakyan ay makapasok at makapag-terminal dito, kung kaya't ang iba ay napipilitang umupa sa mga pribadong lote;

**SAPAGKAT,** walang makasunod sa isinasaad ng Seksiyon IV, 1 ng Kautusang Panlungsod Blg. 01-27 dahil lubhang napakalawak ng loteng kinakailangan para sa terminal ng mga bus;

**SAPAGKAT,** lubhang kihakailangan ang pag-aamyenda sa nasabing kautusan upang mas maging epektibo ang pagpapatupad nito.

**NGAYON, DAHIL DITO,** isinasabatas ng Sangguniang Panlungsod ng Muntinlupa ang mga sumusunod:

Inaamyendahan ng Kautusang ito ang Seksiyon IV, 1 ng Kautusang Panlungsod Blg. 01-027 na nagsasaad ng mga sumusunod:

*"Seksiyon IV. MGA KINAKAILANGAN SA PAGTATAYO NG TERMINAL*

1. *Pinakamaliit na sukat ng lote na 2,000 metro kuwadrado, para sa terminal ng mga bus;"*

at ang Seksiyon IV, 1 ng Katusang Panlungsod Blg. 01-027 ay babasahin ngayon ng alinsunod sa mga sumusunod:

Seksiyon IV. **MGA KINAKAILANGAN SA PAGTATAYO NG TERMINAL**

1. Ang sukat ng lote para sa terminal ng mga pampublikong bus (PUBs) ay hindi bababa sa isang libong metro kuwadrado (1,000 sq. meters) at para sa terminal ng mga pampublikong dyip (PUJs) ay hindi bababa sa limang daang metro kuwadrado (500 sq. meters) at hindi dapat na pumarada sa bangketa (sidewalk) malapit sa kanilang terminal sa pagkalap ng mga pasahero na labag at taliwas sa itinatadhana ng kasalukuyang umiiral na batas trapiko;

2. Ang panukalang lugar para sa terminal (PUB/PUJ) ay kinakailangang magdaan sa inspeksiyon ng kaukulang tanggapan at dapat makapasa sa mga patakarang nakapaloob sa Kautusang ito bago maaprubahan ng kinauukulan;

3. Ang terminal na nasa loob ng pribadong gusali gaya ng mall o kauri nito na nagpapahimpil ng mga pampublikong sasakyan gaya ng mga bus, taksi, dyip, FX/van, atbp., sa loob ng kanilang nasasakupang lugar ay kinakailangang may pahintulot o "Memorandum of Agreement" (MOA) mula sa Pamahalaang Lungsod upang maging lehitimo ang operasyon ng mga ito.

Ang Seksiyon IV, 2, 3, 4, 5, 6, 7 at 8 ng Kautusang Panlungsod Bilang 01-027 ay mananatili nang walang anumang pagbabago.

Anumang kautusan o bahagi nito na taliwas o di-tugma sa probisyon ng Kautusang ito ay pinapawalang-bisa at babaguhin ng alisunod dito.

Ang Kautusang ito ay magkakabisa kaagad matapos ang paglalathala sa alinmang pahayagan na may malawak na sirkulasyon ng Lungsod.

**PINAGTIBAY**, ng ***Sangguniang Panlungsod ng Muntinlupa*** ngayong ika-***12 ng Disyembre 2002,*** sa ginanap na ***ika-57*** Regular na Pagpupulong.

**SINANG-AYUNAN:**

**ALDRIN L. SAN PEDRO**
*Konsehal*

**ELMER S. ESPELETA**
*Konsehal*

**DR. NICANOR L. ECHAVEZ**
*Konsehal*

**FRANCISIAN T. BAGATSING**
*Konsehal*

**MGGL. PATRICIO L. BONCAYAO, JR.**
*Konsehal*

**LUCIO B. CONSTANTINO**
*Konsehal*

**ALLAN REY A. CAMILON**
*Konsehal*

**MARIO E. BULAY, JR.**
*Konsehal*

**MGGL. RAUL R. CORRO**
*Konsehal*

**MAMERTO T. SEVILLA, JR.**
*Konsehal*

**MELCHOR R. TEVES**
*Konsehal*

**RUFINO B. JOAQUIN**
*Konsehal*

**MGGL. ICASIANO M. DELA REA**
*Konsehal*

**ARTEMIO A. SIMUNDAC**
*Kinatawan ng Sektor*
*Pangulo*
*Samahan ng mga Punong Barangay*

**LIBAN:**

**BAL NIEFES**
*Konsehal*

**RENE CARL S. CAYETANO**
*Konsehal*

**CHRISTIAN GLENN D. LORICA**
*Kinatawan ng Sektor*
*Pangulo*
*Pederasyon ng Sangguniang Kabataan*

**PINATOTOTOHANAN KO**, ang katumpakan ng Kautusang Panlungsod na ito.

**MGGL. ISIDORO L. SORIANO, JR.**
*Kalihim*
**SANGGUNIANG PANLUNGSOD**

REPUBLIKA NG PILIPINAS
**PAMAHALAANG LUNGSOD NG MUNTINLUPA**
KALAKHANG MAYNILA

**Sangguniang Panglungsod**



**PINATUTUNAYAN:**

**MGGL. JO JASON T. ALCARAZ** pbs, jr.
*Pangalawang Punonglungsod/Pangulong Opisyal*

**PINAGTIBAY:**

**MGGL. JAIME R. FRESNEDI**
*Punonglungsod:*
*Petsa:* ____________

LITO B. SALAMAT, JR./24/09/02

City Hall of Muntinlupa
National Road, Putatan, Muntinlupa City, Philippines
Tel. Nos.: 842-27-11 • 842-23-77
FAX No.: 842-6196